Mga Serbisyo ng Pangangalaga sa Bahay at Komunidad

Tinutulungan kang manatili sa iyong bahay at sa iyong komunidad

hacc
home and community care
A JOINT COMMONWEALTH AND STATE/TERRITORY PROGRAM PROVIDING FUNDING AND ASSISTANCE FOR AUSTRALIANS IN NEED

Ano ang Programang Pangangalaga sa Bahay at sa Komunidad (HACC)?

Karamihan sa mga tao ay nais na manirahan sa kanilang sariling tahanan, ngunit ang ilang mga mahihinang may-edad na at mga taong may kapansanan ay nahihirapang gawin ito nang walang pagsuporta. Maaaring maibigay ang tulong mga tagapag-alaga (mga kamag-anak at kaibigan) at ng HACC at iba pang mga serbisyo.

Ang HACC ay maaaring magbigay ng mga pangunahing serbisyo sa pagsuporta upang ang mga mahihinang mas may-edad na at mga taong may kapansanan ay maaaring patuloy sa manirahan sa kanilang komunidad. Ang mga serbisyong ito ay maibibigay sa mga karapat-dapat tulungan sa bahay, suporta sa pagpunta sa komunidad, at pagpapahinga ng mga tagapag-alaga.

Ang mga serbisyo ay ibinibigay ng lokal na ahensyang HACC, community health centre o ng iyong lokal na konseho, sa inyong tahanan o isang centre.

Anu-ano ang mga serbisyo ng HACC?

Kabilang sa mga serbisyo ng HACC na ibinibigay sa komunidad ay ang mga:

- **Pahingahan sa araw na nasa Centre**
  Pangangalaga na naaakma sa kultura, mga gawain ng mga kasamahan sa loob ng centre at mga maiikling paglalakbay sa labas ng centre.

- **Sasakyan**
  Tumutulong sa mga tao na makalabas at makapunta sa isang pang-araw na centre, pamimili o mga pakikipagtagpo (appointments).

- **Suportang sosyal**
  Tumutulong sa mga kliyente sa pamamagitan ng pagsama sa kanilang pamimili, pagbabangko o sa mga pakikipagtagpo o simpleng pakikipaghuntahan.

Kabilang sa mga serbisyong HACC na ibinibigay sa tahanan ay mga:

- **Pagtulong sa pamamahay (tulong sa bahay)**
  Mga trabahong pambahay tulad ng paglilinis, paglalaba at pamamalantsa.

- **Pangangalagang pampersonal**
  Kasama ang pagtulong sa pagligo, pagpapalit ng damit o pagbibihis, pangangalaga ng buhok at pagbabanyo.

- **Pagmantini ng bahay**
  Ang pagmantini ng bahay ay ang panlahatang pagkumpuni at pagsaayos ng inyong bahay o kapaligiran ng lote (halimbawa pagpapalit ng mga bumbilya ng ilaw, pag-aayos ng mga kandado ng pinto).

- **Pagbabago ng bahay**
  Ang mga serbisyo ay makapagkabit ng mga pantulong sa kaligtasan tulad ng mga alarma, rampa at hawakang-riles (hand rails) sa loob ng bahay.

- **Pagna-nars sa komunidad**
  Ibinibigay sa iyong tahanan ng isang kwalipikadong nars (halimbawa paglilinis at pagtatapal ng sugat, pagpapayo sa problema sa pag-iihi).

Ang ilang mga serbisyo ng HACC ay maaaring maibigay sa isang sentro ng komunidad o sa iyong bahay:

- **Mga serbisyo sa pagkain**
  Kung mahirap para sa iyong makapaghanda ng mga pagkain, kabilang sa mga serbisyong ito ang:
  - pagdudulot ng mga pagkain sa isang sentrong komunidad o arawang sentro
  - pagtulong sa pamimili ng pagkain, paghahanda at pagtatabi nito
  - paghahatid ng mga pagkain sa iyong tahanan.

- **Mga pinagsamang serbisyong pangkalusugan**
  Para sa mga taong may mga problema sa kanilang mga paa, pananalita o nangangailangan ng

tulong sa mga patuloy na problema na sanhi ng aksidente o karamdaman. Kabilang sa mga serbisyo ang *physiotherapy* (mga ehersisyo), *podiatry* (pangangalaga ng paa), *speech pathology* (pananalita), *occupational therapy* (mga kapaki-pakinabang na tulong sa bahay) at mga payo mula sa *dietitian* (malusugang pagkain).

- **Mga serbisyong pang-suporta para sa mga tagapag-alaga**
  Ano ang isang tagapag-alaga? Ang isang tagapag-alaga ay taong nag-aalaga sa mga may kapansanan, karamdaman sa pag-iisip, matagalan (patuloy) na karamdaman o may mga edad at mahihina at hindi na kayang alagaan ang kani-kanilang sarili. Ang isang tagapag-alaga ay maaaring ang kanilang asawa, kinakasama, kamag-anak, kapitbahay o kaibigan.

  Ang pangangalaga ng mga may edad na o may kapansanan ay napakahirap, at maaaring kailangan ng mga tagapag-alaga ng pahinga, payo at suporta upang matulungan silang harapin ang karapat dapat na pangangalaga. Kung ikaw ay isang tagapag-alaga, maaari kang makakuha ng suporta sa pamamagitan ng HACC at ng iba pang mga serbisyo tulad ng:

- **Pagpapahinga sa pangangalaga (respite care):**
  Ang serbisyong ito ay nagbibigay ng pahinga sa mga tagapag-alaga habang ang isang karelyebo (respite worker) ang nagbabantay sa pangangailangan ng inaalagaan. Ang inaalagaan ay maaaring makatanggap ng pang-relyebong pangangalaga sa kanilang tahan o sa isang pang-araw na *respite centre*. Sa ilang mga sitwasyon ang pangangalagang pang-relyebo ay pinaplano nang maaga, ngunit maaari din itong maibigay bilang isang serbisyong pang-*emergency*.

- **Suporta at impormasyon:**
  Ang serbisyong ito ay tumutulong sa tagapag-alaga na makahanap ng pangmatagalang pahingahan para sa inaalagaan, katulad ng pansamantalang panunuluyan sa *nursing home, aged people's hostel*, o sa ibang mga rehiyon at lokal na ospital. Ang serbisyong ito ay makakatulong sa paghahanap ng pinaka-angkop na lugar para sa inaalagaan. Nagbibigay ito ng pagkakataon upang makapagpahinga nang matagal ang tagapag-alaga sa kanilang mga responsibilidad.

- **Iba pang mga serbisyong pang suporta para sa mga tagapag-alaga:**
  - **Carers Queensland:** Nagbibigay ng mga panggrupong suporta sa mga tagapag-alaga, pagpapayo, mga libreng kukunang-kagamitan (free resources), pagsasanay at impormasyon. Tawagan ang 1800 242 636** (Freecall™ sa mga oras ng trabaho).
  - **Carers' Kit (Kasangkapan ng Tagapag-alaga):** Ang isang lupon ng impormasyon na puno ng pagpapayo ukol sa pangangalaga sa bahay ay maaaring magamit ng mga tagapangalaga nang libre mula sa Commonwealth Carer Resource Centre. Tawagan ang 1800 242 636** (Freecall™ sa mga oras ng trabaho).
  - **Commonwealth Carer Respite Centres:** Tawagan ang 1800 059 059** (Freecall™ 24 oras).

- **Iba pang mga organisasyon na sumusuporta sa mga tagapag-alaga:**
  Mayroong mga organisasyon na tagasuporta ng mga tagapag-alaga. Para sa mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa kanila ay tawagan ang iyong lokal na tagapamagitan ng HACC.
  - Ang suportang pinansyal ay magagamit ay magagamit ng mga tagapag-alaga sa anyong *Carer Allowance and Carer Payment*. Tawagan ang Centrelink sa 13 2717.

Sinu-sino ang karapat-dapat na makatanggap ng serbisyo ng HACC?

Ang mga serbisyo ng HACC ay para sa mga nangangailangan ng tulong upang manatiling nakatira sa tahanan at sa komunidad sapagkat:

- sila ay mga mahihinang mga may-edad na at nahihirapang maisagawa ang mga pang-araw araw na gawain tulad ng pagligo, pagbibihis o paggawa ng mga gawaing babay,

  O

- sila ay mas batang di-labis na kapansanan at hanggang sa may malubhang kapansanan,

  AT

- sila ay mapipilitang mapunta sa isang *nursing home* o hostel para sa mga may-edad na

Ang mga serbisyo ng HACC ay maaari din magamit ng mga tagapag-alaga ng mga mahihinang may-edad na o may kapansanan.

Paano ako makakakuha ng isang serbisyong HACC?

Ikaw, ang iyong manggagamot o ospital, isang kamag-anak o kaibigan ay maaaring tawagan ang:

- Commonwealth Carelink Centre upang talakayin ang iyong mga pangangailangan, o
- ang iyong lokal na tagapamagitan ng serbisyong HACC para sa pagtatasa ng iyong mga pangangailangan. Para sa mga detalye sa pakikipag-ugnayan ay tingnan ang pahina sa likod.

Pagtatasa (assessment)

Upang maitasa ang iyong mga pangangailangan, ang isang taong mula sa ahensya ng HACC ay makikipag-usap sa iyo kung paano mo makayang gawin ang iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Ang impormasyon ibibigay mo ay nakatala sa dokumento ng HACC Ongoing Needs Identification (ONI). Ito ay ginagamit ng ahensya ng HACC upang mapagpasyahan kung karapat-dapat ka sa isang serbisyo at kung anong serbisyo ang kailangan mo upang matulungan kang manatiling nakatira ka sa iyong tahanan.

Kailangan ko bang magbayad sa serbisyo ng HACC?

Ang bawat serbisyo ng HACC ay may sariling patakaran sa pagbabayad, ngunit karamihan sa mga serbisyo ay humihiling lamang ng maliit na kontribusyon, depende sa sitwasyon mo. Ang konsiderasyon ay ibinibigay sa mga limitado ang kinikita.

Kailangan mo ng karagdagang impormasyon?

Upang malaman ang tungkol sa mga serbisyong HACC sa iyong lugar, tawagan ang:

COMMONWEALTH CARELINK CENTRE*

sa **1800 052 222**** (Freecall sa mga oras ng trabaho)

Ang iyong manggagamot: Ang iyong duktor ay maaaring makipag-ugnayan sa ibang mga serbisyo upang matulungan kang humingi ng pangangalagag nauukol sa iyong pangangailangan.

O teleponuhan ang iyong lokal na ahensyang HACC

O dalawin ang
www.health.qld.gov.au/hacc

---

* Nagbibigay ng libreng impormasyon ukol sa pangangalaga sa komunidad ng mga may-edad na, mga serbisyo sa mga may-kapansanan at ibang pang mga pang-suportang serbisyo.

** Mga tawag mula sa mga mobile phone ay sinisingil ayon sa mga dapat bayaran.

hacc
home and community care
A JOINT COMMONWEALTH AND STATE/TERRITORY PROGRAM PROVIDING FUNDING AND ASSISTANCE FOR AUSTRALIANS IN NEED

Ang Programa sa Pangangalaga sa Bahay at sa Komunidad ay pinagtutulungang tustusan gobyerno ng Australia at Queensland.

ARADIA Multilingual Communications - 3737

HACC na pang-maramihang kultura mga yamang-impormasyon

Ang brosyur at aklatin ng Queensland HACC Program tungkol sa HACC Services and Your Rights ay naisalin sa mga sumusunod na wika:

- Arabe / Arabic
- Bosnio / Bosnian
- Intsik / Chinese
- Holandes / Dutch
- Finnish / Finnish
- Pranses / French
- Aleman / German
- Griyego / Greek
- Hindi / Hindi
- Hmong / Hmong
- Hungaro / Hungarian
- Italyano / Italian
- Japanese / Japanese
- Khmer / Khmer
- Korean / Korean
- Polaco / Polish
- Samuano / Samoan
- Serbio / Serbian
- Espanol / Spanish
- Tagalog / Filipino
- Byetnamis / Vietnamese

Ang kumpletong hanay ng iba't ibang wika at ng Inglis ay maaaring ma-download sa website ng HACC:

www.health.qld.gov.au/hacc/multicultural.asp

Ang mga resources ay makukuha rin sa CD-ROM na libre mula sa:

HACC_Resource@health.qld.gov.au

Ang poster na multicultural ng HACC (A2 na nakatupi sa A4) ay maaari ring makuha mula sa Resource Unit.

Brosyur at iba't ibang wika





CD



A2 Poster